PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 19 NO. 45 JANUARY 4 - 10, 2021 10.00

# Duterte signs Doktor Para sa Bayan Act

By Azer Parrocha J

**MANILA – Deserving students may now receive medical scholarships and render return service under a new law signed by President Rodrigo Duterte.**

Duterte signed Republic Act (RA) 11509, also known as the Doktor Para sa Bayan Act, on Dec. 23, 2020 to establish a Medical Scholarship and Return Service (MSRS) program for deserving students in state universities and colleges (SUCs) or in partner private higher education institutions (PHEIs) in regions where no SUCs offer a medical course.

The Commission on Higher Education (CHED) may designate more than one partner HEI in the region, including those where existing SUCs offer the Doctor of Medicine (MD) program as deemed necessary, upon consultation with the Department of Health (DOH).

Qualified applicants from municipalities without government physicians will be prioritized in the allocation of scholarship slots to ensure the assignment of at least one doctor for every municipality in the country.

Under the new law, the MSRS program will be made available to deserving Filipino students who want to pursue an MD degree.

Student financial assistance for the MSRS program will include free tuition and other fees; allowance for prescribed books, supplies, and equipment; clothing or uniform allowance; allowance for dormitory or boarding house accommodation; transportation allowance; internship fees, including financial assistance during the mandatory internship; medical board review fees; licensure fees; annual medical insurance; and other education-related miscellaneous subsistence or living allowances.

In signing RA 11509, Duterte recognized the policy of the state to protect and promote the people's right to health through the formulation and implementation of policies and strategies for the appropriate generation, recruitment, retraining, regulation, retention, and reassessment of the health workforce, making it more attuned to the needs of the population.

"It is also the declared policy of the state to promote social justice by expanding access to quality education and creating opportunities for underprivileged individuals," the law read.

Qualifications and conditions


To qualify for the MSRS program, an applicant must be a Filipino citizen residing in the Philippines and must be a graduating student or a graduate of an appropriate undergraduate program identified as a prerequisite for an MD degree, from any HEI duly recognized by the CHED, including a direct entrant to the Integrated Liberal Arts and Medicine (Intarmed).

Deserving incoming second-year medical students and those in the higher year levels of the MD program will also be covered under the act, so long as they have complied with the academic requirements and retention policies of the school in the past terms preceding their scholarship application.

An applicant must also have passed the entrance examinations and complied with other related requirements for admission into an MD degree in the SUC or PHEI where the scholar intends to enroll, as well as the other requirements of the CHED and the DOH and obtained a National Medical Admission Test (NMAT) score mandated by CHED and required by the SUC or PHEI where the student intends to enroll.

Deserving students must sign an agreement stating the terms and conditions

(SEE page 7)




## MAYORS LEAGUE NG CAVITE, MAGKAKAROON NG PAGPUPULONG UKOL SA PASAHE SA MGA PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON–REMULLA

Magkakaroon ng pagpupulong ang Mayors league ng Cavite sa susunod na linggo ukol sa pasahe sa mga pampublikong transportasyon sa buong lalawigan, ayon kay Governor Jonvic Remulla nitong Sabado.

Layunin umano ng naturang pagpupulong na mapababa ang pasahe na isa sa mga nagiging pasakit sa maraming motorista.

Saad ni Remulla, "HEAD'S UP. The Mayors league will meet on Wednesday (January 13) to discuss a joint effort in bringing down the cost of transportation. Ngayong halos normal na ang load ng mga sasakyan, panahon na para bumaba naman ang pamasahe."

"Bilang paalaala, ang LTRFB ang siyang nangangasiwa para sa mga PUB at PUJ. Ang mga Mayors naman ang may hawak sa prankisa ng mga tricycle operators," pagbibigay klaripikasyon pa niya.

Sa huli nangako siya na gagawin ng lokal na pamahalaan ng lalawigan ang mga makakaya nito upang matulungan ang mga Caviteno.

"Asahan ninyo na gagawin naming ang lahat para mapagaan ang pang araw-araw na pamumuhay ng mga mamamayan."



## 38 PERSONS DEPRIVED OF LIBERTY MULA SA BACOOR, NAKAPAGTAPOS NG TESDA COURSE

Nasa 38 kababaihan na Persons Deprived of Liberty (PDL) mula sa Bacoor, ang matagumpay na nakapagtapos ng kani-kanilang TESDA course.

Ayon sa Facebook post ng Pamahalaang Lungsod ng Bacoor, ang naturang pag-aaral ng mga PDL ay upang makatulong sa mga ito lalo't kapag nakalabas na sila mula sa kulungan.

"Hindi hadlang ang rehas ng kulungan upang gumawa ng mga hakbang patungo sa magandang kinabukasan. Iyan mismo ang ginawa ng 38 female Persons Deprived of Liberty sa kanilang pagtatapos sa isang online course na isinagawa ng TESDA," pahayag ng lungsod.

Ang 38 PDL ay nakatapos ng Managing Your Personal Finances TESDA course, ayon pa rin sa pabatid ng lungsod.

Source: City Government of Bacoor

ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

*EDITORYAL -*

# Linisin muna ang PhilHealth bago ipatupad ang increase

Si President Duterte na mismo ang nag-utos na huwag i-implement ang dagdag na singil sa contribution ng Philippine Health Insurance Corp. (PhilHealth). Sinabi ng Presidente na huwag nang dagdagan ang pasanin ng mga miyembro. Agad namang tumalima si PhilHealth president at chief executive officer Dante Gierran at sinuspende ang ipatutupad nilang dagdag na 3.5 percent na magsisimula sana ngayong Enero. Ayon kay Gieraan, naunawaan nila ang Presidente.

Kung hindi nakialam ang Presidente maaaring ituloy ang increase at maraming aaray na miyembro particular ang mga kakarampot ang suweldo at grabeng naapektuhan ng pandemia. Kung itinuloy ang increase, makakasabay ito sa pagtataas din ng contributions ng Social Security System (SSS). Tiyak na maraming iiyak sa hirap.

Ayon sa PhilHealth, ngayong 2021 ipatutupad ang ikalawang bugso ng pagtataas na inum-pisahan noong nakaraang taon. Limang taon na sunud-sunod ang pag-increase ng contributions na nakabatay sa Republic Act 11223 (Universal Health Care Law). Ngayong taon na ito, magtataas ng 3.5 percent ang premium. Sa mga kumikita ng P10,000 pababa, ang contribution ay P350 bawat buwan at sa mga kumikita ng P70,000 pataas, ang contribution ay P2,450 bawat buwan.

Sa 2022, magtataas ng 4 percent; Sa 2023, 4.5 percent ang itataas at sa 2024, 5 percent ang itataas.

Malaking pasanin kung hindi nakialam ang Presidente. Maraming naghihikahos ngayon dahil sa pandemya. Karamihan sa mga manggagawa ay nawalan ng trabaho at hindi nila malaman kung saan kukunin ang gagastusin sa araw-araw.

Bukod sa dagdag itong pasanin, marami rin naman ang nangangamba na kapag tinaasan ang contribution baka mapunta lamang ito sa mga corrupt na opisyal ng PhilHealth. Noong nakaraang taon, maraming opisyal ang sinampahan ng kaso ng Ombudsman dahil sa nawalang pondo ng ahensiya. Dahil sa nangyari, hindi makabayad ang PhilHealth sa mga ospital at maging sa Philippine Red Cross.

Dapat isaayos at linisin muna sa korapsiyon ang PhilHealth bago mag-increase ng contribution. Kapag naisagawa na ito, saka gawin ang balak. Maraming tututol kung makikitang "marumi" ang PhilHealth.,

## BREAKING NEWS: From the official page of Governor Jonvic Remulla

**"SECOND WAVE**

"In my mind, it's inevitable: We will have a return of the virus."

- Dr. Anthony Fauci, US Coronavirus Task Force Lead

As predicted, exactly 2 weeks after Christmas ay tumaas muli ang COVID positive sa ating lalawigan.

Dumating na nga tayo sa ZERO ang kasong naitala, ngunit dahil sa mga hindi mapigilang family gatherings at recreational pursuits ay muling tumaas ang numero.

January 8, 2021. Ayon sa official numbers kahapon, 194 ang COVID positive. Sa mga nag-akala na balewala ito, dapat intindihin ng nakararami na ang death rate sa COVID ay 2.5% sa mga infected. Ibig sabihin, mahigit sa 5 ang tiyak mababawian ng buhay. Asahan sa mga darating na araw hanggang January 20 na aakyat pa lalo ang numero bago ito bumaba muli.

In the end, there should be a collective effort and responsibility to control the virus. While I carry a huge burden to ensure the safety of my fellow Caviteños, I believe we must stick together and look out for one another.

Huwag na tayo magsisihan o magturuan, please. Mas mabuting magtulungan na lang tayo.

One life lost is one life too many.

HEAD'S UP. The Mayors league will meet on Wednesday (January 13) to discuss a joint effort in bringing down the cost of transportation. Ngayong halos normal na ang load ng mga sasakyan, panahon na para bumaba naman ang pamasahe.

Bilang paalaala, ang LTRFB ang siyang nangangasiwa para sa mga PUB at PUJ. Ang mga Mayors naman ang may hawak sa prankisa ng mga tricycle operators. Asahan ninyo na gagawin naming ang lahat para mapagaan ang pang araw-araw na pamumuhay ng mga mamamayan."

# Nakakapanibagong normal ang dulot ng coronavirus

Gamit na gamit ang limang pandama sa simpleng buhay. Paningin ang pang-alam ng magsasaka kung hinog na ang palay, at ng mangingisda kung ligtas lumayag sa dagat. Sa mata nalalaman ng bata kung puwedeng tuma-wid ng kalye, at ng tsuper kung kailangang magmenor o magpreno.

Pang-amoy ang pantiyak ng namimili kung matamis ang prutas, at ng maybahay kung panis ang pagkain. Ang pintor nalalaman sa amoy kung panis ang pintura, at ang bumbero kung anong klaseng sunog – kahoy, kemi-kal, kur-yente – ang hinaharap. Hindi kuntento sina lolo't lola sa paghaplos sa apo; kailangang langhapin ang amoy araw at pawis!

Panlasa ang pantantiya ng nagluluto kung sapat ang timpla, at ng kumakain kung lalantakan pa ang ulam. Ka-kambal ng panlasa ang pang-amoy. Kapag sinabing lasang karton o lasang ipis ang isang bagay, hindi ibig sabihi'y kumakain ng karton o ipis ang umaangal; naa-amoy niya ang mga 'yon kaya nalalasahan.

Pandinig – ng tibok ng puso ng ina – ang pampakalma sa sanggol. Tenga ang pandama sa dilim kung umuulan, may sasakyan o ibang tao.

Sa pangsalat alam mo kung velvet o seda ang tela. Tinatapik ang pakwan o niyog kung malaman; pinipisil ang tinapay o isda kung sariwa. Kumakalabit para mapansin; kumukurot para manggigil.

Ginulo lahat ito ng coronavirus. Sintomas ng impeksiyon ang pagkawala ng pang-amoy at panlasa. Iwasang hawakan ang mata, ilong at bibig dahil doon pumapasok sa katawan ang virus. Sagabal ang goggles, facemask at face shield sa paningin, pang-amoy at panlasa. Kaila-ngang talasan ang pandinig kung may masyadong malapit mula sa gilid o likod. Huwag kumamay; siko sa siko na lang. Huwag pumindot ng buton sa elevator o kumapit sa hawakan sa escalator; sundutin na lang ng ballpen, magsuot ng guwantes, at maghugas ng kamay.

* * *




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at 147 Panapaan IV, Bacoor, Cavite.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com.
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

ERNA M. BALAGTAS
Publisher

DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## GUHIT NG KAPALARAN

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Pangyamanin ang kakayahan at magugulat ka na lang kung saan ka dadal-hin nito. Panatilihin ang pagiging tapat na aakit ng tunay na prosperity at happiness na hinahangad ng marami. Lucky numbers at color for the day ang 51, 12, 21, 33, 42 at carrot orange.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Tagos sa kaluluwa ang kaligayahan ng kalooban mo. Dahil increa-sing ang iyong business. Lucky numbers at color for the day ang 45, 55, 23, 32, 11 at turmeric yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Be happy. Bilangin ang biyaya at purihin ang Maykapal sa maraming bagay na tinatamaha sa kaasalukuyan. Lucky numbers at color for the day ang 55, 33, 34, 15, 25 at raspberry red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Pasalamat sa sariwang hangin na abundance sa buhay mo. I-appreciate mo ang iyong talent at i-share ito sa iyong kapwa. Lucky numbers at color for the day ang 52, 25, 11, 33, 45 at shocking pink.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Ang happiness ay mag-aaya ng masaganang ani. Mag-invest. Pag-aralan ng mabuti ang negosyo. Lucky numbers at color for the day ang 55, 23, 13, 31, 45 at ultra violet.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Increasing ang effect ng investment. Mabilis ang balik ng puhunan. Expanded ang pagtulong mo sa livelihood project. Lucky numbers at color for the day ang 43, 11, 55, 22, 33 at pearl white.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Sikapin na mga gawain ay magdudulot ng satisfaction. May mga bagong project na naglalandas. Lucky numbers at color for the day ang 55, 25, 11, 31, 45 at cinnamon brown.


LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Masaya at mabuting gawa ang ipagkalat at tiyak na makaka-inspire ka. Kaysa tsismis na walang buti sa'yo at sa kapwa. Lucky numbers at color for the day ang 41, 51, 25, 32, 15 at blue berry.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) I-appreciate mo ang gawa ng iyong kapatid para lalong lumabas ang kanyang galing. May balitang matatanggap. Lucky numbers at color for the day ang 35, 52, 22, 41, 11 at dollar green.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Happy ka sa balikbayan box. Marami ang progress sa bawat aspeto ng buhay mo, lalo na sa iyong love life. Lucky numbers at color for the day ang 35, 11, 42, 53, 25 at cherry red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Maging sensitive sa emotional expression ng happiness. Ito ang magpapalakas ng iyong immune system. Lucky numbers at color for the day ay 33, 21, 53, 41, 12 at pine green.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Isipin na ang lahat ng gawain ay libangan mo. Ito ang magbibigay ng amusing happiness sa'yo. Lucky numbers at color for the day ang 53, 36, 35, 22, 41 at light brown.







## SINOPHARM YET TO DECIDE ON COVID VACCINE CLINICAL TRIAL IN PH – DOST

Chinese pharmaceutical firm Sinopharm has yet to decide whether or not it will pursue clinical trials of its COVID-19 vaccine in the Philippines, the Department of Science and Technology (DOST) said Friday.

"Sa ngayon po ay wala pa silang final decision kung sila ba ay magcoconduct ng clinical trial or sila ay mag-aapply lang ng EUA or emergency (use) authorization," DOST Assistant Secretary Leah Buendia said in a televised Laging Handa Public Briefing.

Buendia bared that they have not received any data from Sinopharm but noted a confidentiality disclosure agreement (CDA) with the company has already been signed.

Sinopharm applied for late-stage trials in the Philippines but later changed its mind and backed out from its initial plan.

Last week, DOST Secretary Fortunato Dela Peña bared that Sinopharm wants the Philippines to shoulder its clinical trials here.

The DOST responded, saying that it can only fund the trials under the World Health Organization's solidarity trial. Sinopharm never responded to its reply, the DOST said.

Sinopharm's vaccine, which was approved by China's regulators for general public use, reportedly has 79% efficacy rate.

## Duterte signs....

(from front page)

of the scholarship on a form prescribed by the CHED and DOH; carry the full load of subjects prescribed per semester by the SUC or PHEI, and must not under any circumstance drop a course.

They must also finish the entire MD program within the prescribed time frame of the SUC or the PHEI where the scholar is enrolled subject to its retention policies.

Before actual enrollment in the first semester as a scholar, deserving students accepted to the MSRS program may be allowed to defer enrollment or file a leave of absence if they have valid and justifiable reasons.

They must also undertake the mandatory internship in the SUC's or PHEI's base hospital upon graduation from the MD program for scholars under a four-year program or on the last year of the program for scholars under a five-year program.

In case no more slots are available in the SUC or PHEI base hospital, the mandatory internship program must be undertaken in a DOH-accredited public health facility or hospital or any accredited government health facility or hospital, subject to compliance with the requirements of the association that credits an internship program.

They must also take the board examination within a maximum period of one year after completion of the mandatory internship program and render a return service.

The scholar who fails to pass the licensure examination within one year after graduation and completion of the mandatory internship and other academic requirements must shoulder all the necessary expenses for the succeeding professional licensure examinations.

Scholars may also be disqualified for several circumstances.

Meanwhile, physicians who availed of the MSRS program but fail or refuse to comply with the mandatory return service and integration will be required to pay two times the full cost of the scholarship, including other benefits and expenses incurred by the reason of participation in the program.

To address the scarcity of doctors in the country, the CHED, in coordination with the DOH, will ensure that each region will have at least one medical school.

The CHED must streamline the requirements for the applications for authority to offer the MD program.

The CHED and DOH must also issue the appropriate guidelines within 60 days from the effectivity of the act to facilitate the partnership between SUCs and DOH hospitals with a view of increasing the number of medical schools throughout the country with one region having at least one state-operated medical school.

Within three years from the effectivity of the act, there must be a state-operated medical school in at least half of the regions with no such school.

Within five years, there must be at least one state-operated medical school in each region in the country.

The Department of Budget and Management (DBM), DOH, and local government units (LGUs) where applicable must ensure that all scholars required to render return service under this act must be appointed to appropriate plantilla positions commensurate to their merit and fitness.

Every five years from the effectivity of the act, the DOH and CHED must assess the shortage of health workers in the country against the ideal standards and the National Health Human Resource Master Plan created under Republic Act 11223 or the Universal Health Care Act and upon consultation with participating SUCs and PHEIS, the DBM and the PRC.

They must then determine the number and geographical allocation of scholars to be admitted every school year allocating at least one scholarship slot in municipalities without government physicians.

In determining the allocation quota of the scholars to be admitted to the program, priority is given to regions with low doctor-to-population ratios.

The DOH must also submit to Congress the National Health Human Resource Master Plan and any updates to ensure an adequate number of competent human resources for health for the entire country.

Within 120 days from the effectivity of this act, the CHED and the DOH and other stakeholders formulate and issue the implementing rules and regulations (IRR) to fully carry out the provisions of the act.

The absence of an IRR must not affect the effectivity of this act and the grant of the benefit.

RA 11509 will take effect 15 days after its publication in the Official Gazette or at least two newspapers of general circulation. (PNA)



**LIVELIHOOD ASSISTANCE GRANT PARA SA MGA MAMAMAYAN NA NAAPEKTUHAN NG PANDEMYA, IPINAGPATULOY SA KAWIT**


*Muling ipinagpatuloy ng Lokal na Pamahalaan ng Kawi ang kanilang pamamahagi ng Livelihood Assistance Grant (LAG) nitong Enero 9, Sabado.*

*Sa Facebook post ni Mayor Angelo Aguinaldo, sinabi niyang ang naturang programa ay para sa mga mamamayan na lubos na naapektuhan ang pangkabuhayan dahil sa pandemyang dulot ng COVID-19.*

*"Ipinagpatuloy po natin kahapon ang pamamahagi ng Livelihood Assistance Grant (LAG) para sa ating mga kababayang naapektuhan ang pangkabuhayan dahil sa pandemya," saad ni Aguinaldo.*

*"Ito po ang bunga ng ating pakikipagtulungan sa DSWD IV-A, na siyang muling nanguna sa pagpili ng mga makakatanggap nito. Tuloy-tuloy po nating tinutulungan ang bawat mamamayan ng Kawit sa pamagitan ng masinsinang kooperasyon para maibaba na sa mga nangangailangan ang anumang benepisyo mula sa ating mga kasama sa regional at national government," dagdag pa niya.*

*Source: Angelo Aguinaldo (Facebook)*







PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 19 NO. 45 JANUARY 4 - 10, 2021 10.00

Ipinabatid ni Cavite Governor Jonvic Remulla na nakapagtala muli ng mataas na bilang na kaso ng coronavirus disease (COVID-19) sa lalawigan nitong Enero 8.




**194 PANIBAGONG KUMPIRMADONG KASO NG COVID-19, NAITALA SA LALAWIGAN NG CAVITE NITONG ENERO 8**

Inaasahan na umano ito dahil sa hindi mapigilang family gatherings dahil sa mga nagdaang holidays.

"As predicted, exactly 2 weeks after Christmas ay tumaas muli ang COVID positive sa ating lalawigan. Dumating na nga tayo sa ZERO ang kasong naitala, ngunit dahil sa mga hindi mapigilang family gatherings at recreational pursuits ay muling tumaas ang numero," saad ni Remulla.

"January 8, 2021. Ayon sa official numbers kahapon, 194 ang COVID positive. Sa mga nag-akala na balewala ito, dapat intindihin ng nakararami na ang death rate sa COVID ay 2.5% sa mga infected. Ibig sabihin, mahigit sa 5 ang tiyak mababawian ng buhay," dagdag pa ng gobernador.

Sinabi rin niya na asahan na ang pagtaas pa ng mga bilang ng kaso hanggang Enero 20 bago ito bumabang muli.

Sa huli, hinikayat ni Remulla ang lahat na makiisa at maging responsible sa mga hakbang upang hindi na muling kumalat pa ang sakit.

"In the end, there should be a collective effort and responsibility to control the virus. While I carry a huge burden to ensure the safety of my fellow Caviteños, I believe we must stick together and look out for one another."

Source: Governor



**100 MIYEMBRO NG POLICE HOTLINE MOVEMENT, PNP-SILANG, BINIGYAN NG MUNTING HANDOG NG SILANG LGU**

Ang Lokal na Pamahalaan ng Silang ay nagbigay ng handog para sa humigit kumulang 100 miyembro ng Police Hotline Movement at PNP-Silang.

Ang naturang pamahahagi ng regalo ay bilang pasasalamat sa pagsuporta at pagbabantay ng mga ito sa kampanya laban sa COVID-19.

"Isang pasasalamat sa walang sawang paglilingkod sa atin ng Police Hotline Movement na kasama natin mula pa noong nag umpisa ang pandemya at maglockdown ay sila po ang ating nakatulong sa pagbabantay sa mga checkpoints kasama ng ating PNP-Silang," saad ni Mayor Corie Poblete.

"Mahigit kumulang 100 miyembro nito sa buong Silang ang ating binigyan ng munting regalo bilang pasasalamat sa kanilang pagmamalasakit sa mamamayang Silangueno," pagpapatuloy niya.

Source: Corie Poblete